

way? Pahiwatig:
ARTSPACE ARTSPACE

A vibrant, cartoon-style illustration of a red brick building. The building is anthropomorphic, featuring a large, white, crescent-shaped smile and two large, black, oval eyes. It has numerous rectangular windows arranged in a grid. A blue sign with the word 'MAIN' in white capital letters is attached to the building. In the foreground, there are green bushes and a yellow star. The background is a light blue sky with a small brown hat floating above. The overall style is playful and child-friendly.

A vibrant, cartoonish illustration of a purple building with a grid-like pattern on its facade. Three flags fly from poles in front of the building: a rainbow flag, a flag with a peace symbol, and a flag with a red star. A large, smiling purple character with a white crescent moon on its face is in the foreground. The scene is decorated with green trees and yellow flowers. In the background, a yellow building is visible. The entire illustration is set against a white background with scattered black 'x' marks.

EXCHANGE DISTRICT!

THE

GALUGARIN ANG EXCHANGE DISTRICT!

Ang salitang ‘exchange’ ay para sap ag bili at pagbenta nang mga produkto, na kinikila bilang pangangalakal. Ang Winnipeg ay nasa gitna mismo nang Canada at North America. Nung sina-una, ang Winnipeg ay masyadong nakahiwalay dahil sa pagiging gitna at malayo nito sa mga ibang lugar. Noon sa pagdating ny Canadian Pacific Railway sa taon 1881, ang lungsod ay naging pangunahing bukasang para sa kalakalan ng buong Western Canada. Ang pangangalakal ng mga butil katulad nang trio ay nagdala ng pera at halaga. Mas dumami ang mga tao, produkto, negosyo at mga banko na binago ang Winnipeg kung saan ito ay dating maliit na bayan na naging malaking lungsod. Sa paglaki nang lungsod, ang kalakalan ay lumipat mula sa The Forks hanggang sa napunta sa Exchange District National Historic Site. Itong lugar ay naging sentro nang gawaan, taguan at paghatak ng mga produkto. Mga madaming napakagarang gusali ay itinayo para sa mga bagong negosyo na pumapasok sa lungsod. Ang pagkatanyag ng gusaling ito ay natapos nung bumagal ang pag-unlad bago ang First World War [unang digmaang pandaigdig].

The Cube

Ang OMS Stage, kilala bilang Cube ay ginawa nung taon 2010 sa Old Market Square. Ang The Square ay isang lugar para sa publiko sa mismong puso ng Exchange Sitrict. Mg pyesta katulad ng Jazz Festival at Fringe Festival ay nagdadala ng madaming tao na pumunta para sa musika, teatro at higit pa. Ang mga arkitekto sa 5468796 Architecture ay dinisenyo ang yugto hindi lang bilang entablado, pero para din ito ay maging isang sining sa buong taon. Yung mga metal na taping ay gawa sa mahigit na 18,000 pirasong metal na pinagsamasama sa pagg tali ng mga kable.

Gault Building (Artspace)

100 Arthur Street

Ang Gault building, ngayong kinikilala bilang Artspace, ay itinayo ng Gault Company. Ang kumpanya ay nagbenta ng mga tuyong kalakal, katulad ng mga damit, at ang gusali ay dinisenyo para iparangya at ibenta ang itong mga produktong ito. Ang gusali ay merong mga malalaking bintana at matatag na istruktura na kayang suportahan ang mga palapag na puro mga produkto. Ang Gault Company ay sobrang nagtagumpay na nung 1903, dalawang taon pagkatapos ginawa ang gusali, ito ay dinagdagan ng dalawa pang palapag sa taas. Isa pang gusali ay idinagdag nung panahon na iyon at ikinabit gamit ang ‘dray-way’. Ang ‘dray-way’ ay isang lagusan na pinag-gigitnaan ng dalawang gusali, kung saan ito ay nakatakip para sa mga karitela ng mga kabayo.

Union Bank Tower

504 Main Street

Ang Union Bank Tower ay hindi pinaka matangkad na gusali sa lugar, pero ito ay ang pinakaunang gumamit ng magong teknolohiya sa pag gawang mga skyscrapers. Ang gusali ay gawa sankatawang bakal bilang ito ay mas matibay at mas nababaluktot kesa sa ginamit na kahoy nang sinaunang gusali ng paligid. Ang katawan ay parang buto ng gusali. Kahit ang gusali ay ginawa gamit ang bagong teknohilya, ang dekorasyon nito ay pinamukang tradisyonal.

City Hall

510 Main Street

Ang City Hall ay lugar kung saan ang mga nahalal na pinuno ay nagtitipon-tipon para mag pasya ukol sa paaralan, mga bus, mga bumbero, tubig at higit pa. Ang Winnipeg City Hall ay ginawa noong taon 1964 sa pagpalit nang ginibang unang City Hall. Ang gusali ay dinisenyo ni arkitek Green Blankstein Russell. Merong Tyndall Limestone [apong] sa labas ng gusali. Itong Tyndall Limestone ay mahahanap sa norte nang Winnipeg at ito ay mahigit 450 milyong taong gulang! Kung tumingin kang mabuti, makikita mo ang mga fossil ng mga sinaunang nilalang at halaman na nakatago sa loob ng bato.

Royal Manitoba Theatre Centre

174 Market Avenue

Ang Royal Manitoba Theatre Centre (RMTc) ay dinisenyo ng Waisman Ross Blankstein Coop Gillmore Hanna. Ang teatro ay nagbukas noong 1970. Ang gusali ay mabuting uliran ng brutalistang istilo ng arkitekto. Ang salitang ‘brutalism’ ay galing sa parirala ng Pranses na béton brut kung saan ito ay nangangahulugan bilang hilaw na kongkreto. Ang kongreto ay isang malaking bahagi sa disenyo ng RMTc. Ngayon, itong gusali ay isang National Historic Site at kinikilala bilang palatandaang gusali sa Canada!

Millennium Centre

389 Main Street

Ang Millenium Centre ay itinayo noong taon 1910 para sa Canadian Bank of Commerce. Madami sa banko na ginawa sa panahong ito ay mukhang mga sinaunang templo. Ang mga bank ay ginamit itong istilo na ito—tawag ay Neoclassical Style—para ipakita sa mga suki na sila ay malakas, matapang, at mapagkakatiwalaan, katulad ng mga sinaunang templo. Kung tumingin ka sa paligid, makikita mo ang ibat-ibang gusali na merong elemnto ng ‘neoclassical’. Sa daming banko sa lugar na ito, siya ay itinawag na Banker’s Row.

Steinkopf Gardens

Sa gitna ng Centennial Concert Hall at Manitoba Museum, merong isang lugar pang publiko na tinawag na Steinkopf Gardens. Sa simula nung mga taong 1960s, ito ay dinisenyo ng arkitekto ng tanawin na si Dennis Wilkinson. Ang mga arkitekto ng tanawin ay gumagawa ng disenyo para sa madaling puntahan at hindi maging delikado ang mga lugar—para lahat ay magamit ito—sa paraan ng pagtatatag ng mga lugar para upuan, lakaran, laruan, pang ehersisyo at sa pag galugarin. Nung natapos gawin ang garden, ito ay merong malaking law ana may 16 na bilang na paunten! Nung taon 2011, ang arkitekto ng tanawin na HTFC Planning + Design, ay muling idisenyo ang lugarpara idagdag ang rampa at upuan na gawa sa Tyndall Limestone para ito ay madaling magamit at puntahan ng mga tao.

Ang Winnipeg Architecture Foundation ay isang non-profit, ito ay nakarehisyo bilang kawanggawang samahan nakatuon para sa pagsulong sa kamalayan at pagpapahalaga ng itinayong kapaligiran ng Winnipeg sa pamamagitan ng pampublikong edukasyon.

Para sa iba pang mga impormasyon tungkol sa mga gusali ng Winnipeg, mga tanawin at arkitekto, paki bisita ang winnipegarchitecture.ca.

Suporta galing sa Exchange District Biz.

 exchangedistrict.org

 [@Ex_District_Wpg](https://twitter.com/Ex_District_Wpg)

ILUSTRASYON NG MAPA:
Kaj Hasselriis

DISENYO:
Burdocks

WINNIPEG
ARCHITECTURE
FOUNDATION

THE
EXCHANGE
DISTRICT BIZ